

1872-1892: Ang Katwiran at ang Kababalaghan ng Kaayusang Kolonyal sa Trilohiya ng Nobelang Pangkasaysayan ni Gabriel Beato Francisco

Christoffer Mitch C. Cerda
Pamantasang Ateneo de Manila

ABSTRAK

Susuriin ng sanaysay na ito ang trilohiya ng nobelang pangkasaysayan ni Gabriel Beato Francisco—ang *Fulgencia Galbillo* (1907), *Capitan Bensio* (1907) at *Alfaro* (1907). Bibigyang-tuon ang diskursong pangkasaysayan na binubuo ni Francisco sa kabuoan ng trilohiya. Samakatuwid, ilalahad ang bisyon o pananaw pangkasaysayan ni Francisco at kung paano niya isinasalaysay sa anyo ng nobelang pangkasaysayan ang mga suliraning panlipunan na naging ugat ng Himagsikan ng 1896. Sa partikular, bibigyang-pansin kung paano isinalaysay ang pamamalakad ng kolonyal na sistema at kung paano ito naging larangan ng tunggalian sa pagitan ng mga sekular na opisyal ng pamahalaan at ng praylokrasyang itinatag ng mga paring Español. Susuriin ang mga konsepto ng “katwiran” at “kababalaghan” bilang mga pangunahing konseptong gagamitin ng mga nobela upang kumatawan sa nagtutunggaliang panig bukod pa sa mga pamamaraang parehong ginamit ng dalawang panig. Sa ganitong paraa’y malalantad ang tatawagin kong alegoryang pangkasaysayan ng trilohiya. Gámit ng pagkatha ng mga nobelang pangkasaysayan, maaaring mabatid ang pananaw ni Gabriel Beato Francisco hindi lámang tungkol sa nakaraan ng Pilipinas, kundi pinapansin din ang kasalukuyan nitong kalagayan at binabanaag ang landas nito para sa hinaharap. Sa ganito’y muling isasakonteksto ang trilohiya sa kaligiran ng pagtatatag ng kolonyalismong Amerikano. Gayundin, nakapaloob sa mga nobela ang mga halagahang magiging pundasyon ng isang malayang bansang Filipino—ang pamamayani ng katwiran túngo sa kaunlaran ng sambayanang Filipino.

Mga Susing Salita: *nobelang pangkasaysayan, alegoryang pangkasaysayan, praylokrasya, kababalaghan, katwiran*

PANIMULA

Sa pahayagang *Muling Pagsilang*, sumulat si Gabriel Beato Francisco, gámit ang sagisag-pangalan niyang A. ng L., tungkol sa isang pagkakamaling inilathala ng pahayagan noong hulí nitong labas. Nagkamali ang pahayagan na ipangalan kay B. ng S. ang isang artikulong kaniyang isinulat. Ngunit ginamit ni Francisco ang artikulong ito upang pag-usapan ang higit na malawak na kamalian sa karunungan.

Pagkatapos punahin ang balarila ng *Anino ng Kahapon* ni Francisco Laksamana, itinawid ni Francisco ang kaniyang panunuri sa usapin ng kalayaan ng pag-iisip. Ani Francisco,

...kaya kun ang pangit na kaisipa'y tumututol hanggang sa magandang pagninilay sa tinatawag na Dios yao'y hindi masama, sa pagka pinagkalooban ng laya ang lahat ng kaisipan at kung pagsanib saniban naman ang kaalaman ng lahat ng tao'y di mangyaring umabot na lumikha sa kaniya't sarisaring bagay na karunungan sukat pagtakhan ng gunam gunam, paningit kabaitan, at [...] ng mabigyang buhay si Ada't si Eva'y ipinagkatiwala sa kanilang napamahalaan ang lupa't lahat ng halaman, gayon din ang mga hayop at ibang bagay sa daigdig, at ang tanging ipinagbawal at ang bunga ng kahoy ng kaalaman, anopa't ang tao'y itinulad sa hayop na ilakad ang apat na paa sa harap ng lumikha sa kaniya ("Matatandang kaugalian" 1a).

Interesante ang pagbásang ginawa ni Francisco tungkol sa kuwento nina Adan at Eba. Para kay Francisco, ang tanging limitasyon na itinalaga ng Diyos sa kanila ay huwag kumain sa punò ng kaalaman ngunit itinalaga din sa tao ang pamamahala sa lahat ng halaman at hayop. Sa harap ng Diyos ay tila mga hayop ang tao ngunit bakit siya pagkakatiwalaan sa isang napakahalagang responsibilidad? Ipinakikita niya ang kontradiksiyon ng alamat. Sa ganitong paraan, hindi lubos na masama ang paghahangad ng kaalaman at dito na papasok ang kaniyang pananaw tungkol sa pag-unlad ng sangkatauhan sa harap ng kasaysayan. Malaki ang tiwala ni Francisco sa pag-unlad ng kaisipan ng sangkatauhan. Ang ganitong progresistang pananaw sa kasaysayan at kaisipan ay kumakatawan sa isang makabago't modernong pananaw na iba sa tradisyonal na pananaw sa eternal at hindi nagbabágong katangian ng pagkatao.

Sa ganitong pananaw maaaring unawain ang panulat ni Francisco lalo na ang kaniyang trilohiya ng mga nobelang pangkasaysayan na binubuo ng mga nobelang *Fulgencia Galbillo* (1907), *Capitan Bensio* (1907) at *Alfaro* (1907). Pagtutuonan ng sanaysay na ito kung anong uri ng progreso ang pananaw pangkasaysayan ni Francisco

sa kaniyang trilohiya. Saan nga ba nakaugat ang pananaw pangkasaysayang ito ni Francisco? Paano ito makikita sa kaniyang trilohiya ng mga nobelang pangkasaysayan? Ano ang iniaambag niya sa diskursong pangkasaysayan at paano ito nakaugnay sa progresong kinakatawan ng pagkabansa ng Pilipinas?

TUNGKOL KAY GABRIEL BEATO FRANCISCO

Ipinanganak si Gabriel Beato Francisco noong 1850 sa Sampaloc noong isa pa itong hiwalay na bayan mula sa Maynila. Siya ang panganay sa limang anak nina Silvino Francisco at Agustina Ignacio. Nag-aral siya sa isang paaralan ng parokya at kalaunan sa *Escuela de Artes y Oficios*, isang paaralang bokasyonal. Nang mamatay ang kaniyang ama'y tumigil siya sa pag-aaral. Sa edad na labingwalo'y naging kahista sa imprenta ng *El Comercio*, isang pahayagang Español sa Maynila, at sa *Revista Mercantil*. Natuto din siya ng litograpiya (Mojares, "Mysteries" 222-223).

Naging kasapi siya ng *Patnubay nang Catolico*, ang kauna-unahang pahayagang Tagalog lámang ang gámit na wika, noong 1890. Nagsulat din siya para sa *La Lectura Popular*, isang pahayagang pinanatnugutan ni Isabelo de los Reyes, mula 1890-1892. Inilathala niya ang kaniyang nobelang *Cababalaghan ni P. Bravo* (1899) sa *Ang Kapatid ng Bayan*. Noong panahon ng kolonyalismong Amerikano'y nagsulat siya para sa mga pahayagang tulad ng *Muling Pagsilang* at *El Renacimiento Filipino* (223). Ilan sa mga aklat niya ang aklat ng kasaysayan na *Casaysayan nang Bayan nang Sampaloc* (1890); ang trilohiyang *Fulgencia Galbillo* (1907), *Capitan Bensio* (1907) at *Alfaro* (1907); at ang tulâng pasalaysay na *Kasaysayan ni Apolinario de la Cruz na may pamagat na Hermano Pule* (1915) at ang *Kuento: Tiit ng Siit* (1915) (225-227).

Naging *cabeza de barangay* siya ng Sampaloc noong 1888 at lumagda siya sa manipestasyon ng 1888 na nanawagan ng pagpapataalsik sa arsobispo ng Maynila, pagpapahina sa kapangyarihan ng mga prayle, at pagbibigay sa mga paring sekular ng mga parokya (Retana 244). Hindi diumano sumapi sa Katipunan at sumali sa himagsikan si Francisco. Ngunit noong 1899, kasáma si Pascual Poblete atbp., tinulungan niyang itayo ang isang ampunang-bahay para sa mga sugatán at naghihirap na mga sundalong Filipino na nakalaya mula sa pagkakakulong sa ilalim ng Estados Unidos. Noong 1902 ay tumulong siya sa pag-oorganisa ng unang unyon sa Pilipinas, ang *Union democratica de litograficos, impresores, encuendernadores y otros obreros*. Tumayo si Francisco bílang pangalawang pangulo habang si Isabelo de los Reyes ang naging pangulo ng unyon (Mojares, "Mysteries" 225). Namatay si Francisco sa edad na 85 noong 1935.

BUOD NG TRILOHIYA

Fulgencia Galbillo

Magsisimula ang nobela noong 1872 at ipakikilala si Fulgencia Galbillo, isang bálong nakatira sa Bulusan, Albay. May isa siyáng anak na laláki, si Vivencio o Bensio Makabuhay, isang sundalong nakadestino sa Cavite. Isang sunog ang sumalanta sa bahay ng kapitbahay na Tsino ni Fulgencia. Tinulungan ni Fulgencia ang kaniyang kapitbahay sa pagliligtas ng mga ari-arian nito. Dahil sa mabuting ginawa ni Fulgencia’y biniyayaan siya ng pamahalaan ng lupang masasáka.

Hindi magtatagal ay uuwi si Bensio gáling sa Cavite. Katatapos lámang ng sigalot sa Cavite at ng pagbitay kina Padre Gomez, Burgos, at Zamora. Hindi siya tuwirang madadawit sa mga kaguluhan ngunit uuwi si Bensio na dalá-dalá ang balita sa mga nangyari sa Maynila’t Cavite. Isasalaysay niya ito sa kaniyang mga kaibigang sina Binong, Gorio, at Ikeng. Dito lalabas ang kaniyang liberal at repormistang pagkiling.

Isang araw ay darating sa bahay nina Fulgencia at Bensio ang mga tulisan upang manghingi ng salapi mula sa kanila. Malalámang ang mga tulisa’y dáting mga sundalo na gáling sa Cavite sa pamumuno ni Casimiro Caminero, isang dáting tulisan na naging sundalo. Bibitayin din si Caminero pagkatapos ng kaguluhan sa Cavite at makatatakas ang mga sundalong nasa ilalim niya at magiging tulisan. Pupuntahan nila si Bensio sa pag-asang magiging mapagbigay siya sa kanila bílang mga dati din silang sundalo. Ngunit tatanggi sina Fulgencia’t Bensio. Nanakawan ng mga tulisan sina Bensio at Fulgencio. Hahabulin ni Bensio ang mga tulisan at pansamantalang iiwan ang kaniyang ina.

Sa tulong ng kabesa ng bayan at ng cuadrillero’y mahuhúli ang mga tulisan. Sa pag-uulat ng kabesa tungkol sa nangyaring pagnanakaw at aktibidad ng mga tulisan, manghihimasok ang kura at utusan nito ang kabesang idawit ang isang kalaban ng kura sa aktibidad ng mga tulisan. Hindi siya susundin ng kabesa ngunit ihahayag ng kabesa ang kaniyang pagkadismaya.

Dadako naman ang kuwento sa nangyari kay Ineng, isang dalagang umiibig kay Bensio. Tutol ang mga magulang ni Ineng sa pakikipagkita nito kay Bensio. Tatakas si Ineng at aayain si Bensio na magtanan. Hindi makatatanggi si Bensio dahil nais niyang mapanatili ang puri ni Ineng. Agad na ikakasal ang dalawa. Sa kasal nina Bensio at Ineng ay iinsultuhin si Bensio ng kura.

Hindi alam ng mga tao'y kasintahan din ni Bensio si Loleng. Ngunit hindi na igigiit ni Loleng ang kaniyang pagmamahal kay Bensio sa kabila ng kaniyang pagbubuntis sa kanilang anak. Tatakas na lámang si Loleng patúngong Maynila upang makaiwas sa eskandalo. Makararating siyang Navotas kung saan nakatira ang isang amain at doon manganak. Papangalanan niyang Alfaro ang kaniyang anak.

May mapapadaan namang mga Guardia Civil (GC) sa lupain nina Fulgencia at Bensio. Nang may makita ang isa sa kanila na isang manok ay tatangkain nitong kunin ito. Kahit hindi pagmamay-ari ni Bensio'y pipigilan niya ang pangunguha ng manok. Kung hindi namagitan si Fulgencia'y baka nasaktan si Bensio dahil may barrel ang mga GC. Makukuha nila ang manok at ikagagalit ni Bensio ang nangyari. Upang hindi na makaranas ng sigalot sa Bulawan ay magpapasya si Bensio na bumalik sa Maynila.

Sa paghihinagpis sa nangyari kay Bensio at sa kaniyang baya'y mamamatay si Fulgencia Galbillo. Tatakas din ng Bulawan sina Binong, Gorio, at Ikeng at makararating sa Maynila. Si Bensio nama'y magiging kapitán ng mga mestiso ng bayan.

Capitan Bensio

Taóng 1888 at magsisimula ang nobela sa bahay ni Kapitán Bensio. Doo'y ipaliliwanag ni Kapitán Bensio kina Binong, Gorio, at Ikeng ang tungkol sa hidwaan sa pagitan ng pamahalaan at ng simbahan sa usapín ng mga bangkay at paglilibing sa mga ito. Iniutos ng direktor heneral ng Pamahalaang Sibil na ipagbawal na dalhin sa simbahan ang mga bangkay na namatay sa epidemiko ng kolera (de Bevoise 175). Iniutos ito upang pigilan ang pagkalat ng sakit. Ngunit igigiit naman ng mga pari ang karapatan nilang tanggihang ipalibing ang mga bangkay na hindi magpapamisa o magbabayad sa parokya. Lilikha ang sigalot na ito ng hidwaan sa pagitan ng Pamahalaang Sibil at Simbahang Katolika.

Aalis ang tatlong magkakaibigan pagdating nina Kapitán Tayong, Kapitán Celestino at iba pang mga kapitán at kabesa mula sa iba't ibang bayan. Pagpupulungan nila ang isang liham o manipestasyon ng suporta sa Pamahalaang Sibil. Babatikusin ng manipestasyon ang tinitingnan ng mga kapitán na panghihimasok ng mga pari sa kapangyarihang temporal na pinanghahawakan ng Pamahalaang Sibil. Gayundin, aakusahan ng mga kapitán ang mga prayle ng panghaharang sa kaunlaran ng bayan at panggigipit sa mga mamamayan. Dahil dito'y hihilingin ng manipestasyon na patalsikin mula sa Pilipinas ang mga prayle. Nang makakalap na sina Kapitán Bensio

ng maraming lagda mula sa iba pang mga kapitán, samá-samá silang lalakad sa kalye upang personal na ihain ang manipestasyon sa gobernador-heneral.

Walang mangyayari sa inihaing manipestasyon ng mga kapitán. At sa halip na tingnan ang manipestasyon bilang tanda ng pagkilála sa kapangyarihan ng pamahalaang kolonyal sa Pilipinas, gagámitin ng mga pari ang manipestasyon laban sa mga kapitán. Pagdating ng bágong juez especial, ipaaaresto ang mga lumagda sa manipestasyon at ikukulong sa Bilibid. Tatakas si Bensio túngong Bulawan para makatakas sa pagkakaaresto. Ngunit dahil na rin sa hírap ng búhay dulot ng pagtatagô'y babalik din siya sa Maynila at kusang susuko.

Ikukulong si Bensio sa Bilibid at doon, muli niyang makatatagpo si Loleng na may pinamamahalaang kantina sa bilangguan. Hindi makikilála ni Bensio si Loleng bagaman agad-agad na makikilála ni Loleng si Bensio. Sa kantina na iyon madalas pupunta si Ineng at ang anak nila ni Bensio na si Afra. Tumutulong naman sa kantina ni Loleng si Alfaro. Dito magkakakilala sina Alfaro at Afra at agad na mapapamahal ang dalawa sa isa't isa. Nang mahuli ni Bensio na nag-uusap ang dalawa'y tututol siya sa relasyon nina Alfaro at Afra. Mag-aaway sina Bensio at Alfaro at marahil, magkakasakitan na kung hindi nahimatay si Loleng at natigilan ang dalawa. Ibubunyag ni Loleng ang katotohanang ama ni Alfaro si Bensio. Magkakabati ang mag-ama at magtatapós ang nobela sa balitang makalalaya na si Bensio.

Alfaro

Taóng 1892 at magsisimula ang nobela sa isang pulong sa bahay ni Kapitán Bensio. Pag-uusapan ng mga tao roon ang direksiyon na kailangang tungúhin ng Pilipinas. Magkakaroon ng debate sa pagitan nina Don Mauro, isa sa mga nakasáma ni Kapitán Bensio sa bilangguan, at Alfaro tungkol sa usapin ng kalayaan ng pagsamba at sa pangangailangang patalsikin sa Pilipinas ang mga prayle. Aakusahan ni Alfaro si Don Mauro ng pagiging maka-prayle dahil sa mga batikos ni Don Mauro sa kakulangan ng mga kabesa at kapitán pagdating sa pagmumulat sa mga ordinaryong mamamayan sa mga usaping politikal at pananampalataya. Ngunit ikakatwiran ni Don Mauro ang pangangilangan ng ganitong uri ng pagmumulat upang labánan ang mga prayle. Magtatapós ang debate nila ni Alfaro sa pagsasabi ni Alfaro ng pangangailangang mamayani ng hustiya sa lahat ng gawain ng mga kapitán at kabesa.

Sa isang pagpupulong ay mababanggit ni Bensio ang pagbabalik ni Jose Rizal sa Pilipinas. Ngunit aarestuhin si Rizal at pagpapasyahan ng hukuman na ipatapon siya

sa Dapitan. Sa ganitong sitwasyo'y lalápit sina Binong, Gorio, at Ikeng kay Kapitán Bensio tungkol sa kung anong gagawin sa kanilang kopya ng *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo* bagaman sinunog na nila ang mga ito bago pa man pumunta kay Bensio.

Pupuntang Pangasinan si Alfaro upang dalawin ang kaniyang kaibigang si Amadeo, kapatid ni Don Mauro. Ngunit mapapabalik agad si Alfaro sa Maynila nang mabalitaang pinatawad ang mga deportadong inaresto bago pa man maaresto si Rizal. Ngunit matatanggal sa pagiging gobernador-heneral si Despujol.

Sa pagbabalik ni Alfaro'y pag-uusapan nila ni Bensio ang nangyayari sa Pilipinas. Sa partikular ay babatikusin ni Bensio ang umiiral na rasistang estruktura ng lipunan na pinakikinabangan ng mga peninsular na Espanñol. Babatikusin din niya ang sistema ng pagbubuwis at ang sistemang polo.

Ikukumpisal ni Afra sa isang prayle na pinag-uusapan at binabatikos nina Bensio at Alfaro ang kalagayan ng Pilipinas. Makararating ito sa Pamahalaang Sibil at aarestuhing muli si Bensio ngunit hindi siya magtatagal sa bilangguan dahil sa mabilis na pagsamá ng kaniyang kalusugan. Mamamatay si Bensio at ililibing sa San Lazaro. Magluluksa sina Alfaro at Loleng at sina Afra at Ineng. Magtatalumpati si Kapitán Tayong at gagámitin sa libing ang sagisang ng mga Mason.

MGA PAUNANG PUNA SA TRILOHIYA

Nailathala sa *Muling Pagsilang* ang isang maikling pagsusuri ni Jose Maria Rivera tungkol sa *Capitan Bensio* at *Fulgencia Galbillo* noong Oktubre 15, 1907. Inilahad doon ang iláng katangian ng dalawang nobela. Una, panay petsa ng mahahalagang nangyari sa Pilipinas ang dalawang nobela. Pangalawa, binanggit ni Rivera ang makaluma o matandang uri ng Tagalog na gámit ni Francisco. Ngunit hindi ito naging sagabal kay Rivera para irekomenda ang dalawang nobela sa mga mambabása. Para kay Rivera, "maraming bagay na matutunghan ng mga anak sa kapuluang ito" ang dalawang nobela at nakaugat ito sa pagtutok ni Francisco sa kasaysayan.

May ibang pagpapahalaga sa trilohiya si Resil B. Mojares sa kaniyang *Origins and Rise of the Filipino Novel*. Para kay Mojares, mahalaga ang trilohiya ni Francisco bilang mga akdang nagpapakita ng transisyon ng mahabang naratibong Filipino mula sa awit at korido túngo sa higit na modernong nobela. Para kay Mojares, kakatwa ang

anyo ng trilo hiya dahil sa paghahalo nito ng iba't ibang tradisy on at impluwensiya (181). Halimbawa, sa *Capitan Bensio*, sa isang sandali'y naglilista ng mga petsa't pangalan at mahahalagang mga batas at panukala si Bensio ngunit sa katapusan ng nobela'y kukunin nito ang anyo ng awit o korido dahil sa patulang diyalogo sa pagitan ng mga tauhan.

Ngunit kinikilala ni Mojares ang pagpapahalaga ng trilo hiya sa kasaysayan. Ani Mojares,

The trilogy is in the nature of a historical chronicle, loosely interconnected novels dealing with the earliest manifestations of nationalist consciousness. The historical period it deals with is interesting and the trilogy, despite its defects, manages to communicate—both wittingly and unwittingly, in its good and as well as bad points—something of the crisis of that troubled time (183).

Bilang mga tekstong pinapaksa ang huling mga dekada ng kolonyalismong Español, pinupuri ni Mojares ang kakayahan ng trilo hiya na mahúli ang kaguluhan at krisis ng panahong iyon. Inilalahad ni Francisco ang unti-unting pag-agnas ng kolonyal na kaayusan.

Ngunit sa kabila ng pagpapahalaga ni Francisco sa kasaysayan, magulo at hindi nabibigyan ni Francisco ng malalim na tuon ang kasaysayang ito. Ani Mojares,

The trilogy itself is loosely structured. There is no sustained dramatic unity in the action beyond the fact that it deals chronologically—albeit intermittently—with historical events of 1870-1892, and beyond such links as the almost superfluous fact that Fulgencia, Bensio, and Alfaro are three generations of a family (182).

Walang kamalayan ng kabuoan o kaisahan ang mga nobela ni Francisco. Tila tagpi-tagpi ang iba't ibang elemento at anyong ginamit ng mga nobela. Ang tanging nagbubuklod sa mga akda ay ang tatlong henerasyon pamilya ni Bensio. Lito, kung gayon, ang trilo hiya sa kung ano ang nais nitong bigyang-tuon. Bibigyang-tuon ba ang salik na katha o ang salik na pangkasaysayan?

Hindi naman lubos na pinroblema ni Delfin Tolentino, Jr. sa kaniyang "Trilo hiya sa Kalayaan: Ang mga Nobelang Pangkasaysayan ni Gabriel Beato Francisco" ang ganitong litong katangian ng trilo hiya pagdating sa anyo. Para kay Tolentino'y mahalagang husgahan ang mga naunang mga akda tulad ng trilo hiya ni Francisco sa sarili nitong pagpapahalaga ng kanilang panahon (183). Iba ang pamantayang pampanitikan ng panahon ni Francisco kung kayâ't kailangang kilalanin

ang pamantayang ito. Gayundin, bukod sa estetikong kaayusan ng akda, kailangang pahalagahan ang panlipunan at pangkasaysayang kaligiran na inusbungan ng mga akda.

Ngunit sa kabila ng ganitong pahayag ni Tolentino'y gagamitin niya ang mga konsepto't teorya ni Gyorgy Lukacs, Hungarong Marxista, tungkol sa nobelang pangkasaysayan upang pahalagahan ang trilohiya ni Francisco. Gayundin, pinahahalagahan ni Tolentino ang ambag ng trilohiya sa pagpapalago ng realismong nakaugat sa prosesong pangkasaysayan. Ani Tolentino,

Ang kasaysayan ay likha ng tao, at ang tao ay hubog ng kasaysayan. Dialektikal ang relasyon ng dalawa, gaya ng makikita sa trilohiya. Ang ganitong pananaw-sa-daigdig ang siyang nagbunsod sa nobelista na gamitin ang kasaysayan sa nobela upang ipakita kung ano ang sanhi at bunga ng mga kilos ng tao. Ito rin ang dahilan kung bakit ang mga nobela'y inialay niya sa mga bagong dugo na nangangailangan ng aral at patnubay mula sa lumipas (134).

Dahil sa paggamit ng kasaysayan sa mga trilohiya bilang bagong salik ng paglikha ng tauhan, humihiwalay ang trilohiya mula sa tradisyonal na pagbuo sa tauhan bilang hindi nagbabagong kinatawan ng mga halagahan o mga aral. Kasaysayan at ang kaligirang panlipunan ang nag-uudyok sa mga tauhan ng trilohiya na gawin ang kanilang mga ginawa.

Sa pagbasa nina Mojares at Tolentino ng trilohiya ni Francisco, tila nagtutunggali ang dalawang kritiko sa kung paano babasáhin ang mga nobela. Pahahalagahan ba ang mga nobela bilang nobela tulad ng pananaw ni Mojares o bilang mga nobelang hinuhuli ang diskursong pangkasaysayan ng panahon nito tulad ng pananaw ni Tolentino? Sa huli'y kailangang basáhin pa rin nang masinsinan ang mga nobela upang palitawin ang katangian ng mga ito bilang nobela at bilang nobelang pangkasaysayan.

Para sa pagsusuring ito, nais kong tingnan ang mga malikhaing desisyon ni Francisco sa pagsulat ng trilohiya niya, hindi upang husgahan kung mabuti ba o magaling ito, kundi upang maunawaan ang mga intensiyonal na desisyong ito para sa isang partikular na tungúhin. Bagaman binanggit na ng mga naunang kritiko ang ilan sa mga desisyon na ito ni Francisco, maaari pa ring palawakin ang naunang mga pansin na ito upang maiugat sa diskurso't pananaw na pangkasaysayan na nais ilatag ni Francisco at sa pangkasaysayang sandali (*historical moment*) ng pagkakasulat at pagkakalathala ng mga nobela.

PROGRESO NG KATWIRAN AT KABABALAGHAN SA KASAYSAYAN

Ulit, ano nga ba ang pananaw pangkasaysayan at pananaw politikal ni Francisco na makikita sa mga nobela? Paano ito nakaambag sa diskursong politikal ng kaniyang panahon? Upang masagot ang mga tanong na ito’y mahalagang pansinin ang pangunahing mga konseptong ginamit ni Francisco sa kaniyang trilohiya ng mga nobelang pangkasaysayan at iugnay ito sa mahahalagang detalye’t pangyayari sa mga nobela. Bibigyang-pansin ngayon ang dalawang magkatambal na konsepto na “matwid” o ‘katwiran” at “kababalaghan.”

Binanggit na ni Mojares sa kaniyang mga paunang pagsusuri ang kakatwang pag-uulit ng salitang “kababalaghan” sa buong trilohiya (“Mysteries” 233-234). Patungkol ang kababalaghan sa “isang kagila-gilalas na pangyayari na hindi abót ng isip at kakayahan ng tao” (*UP Diksiyonaryong Filipino* 533). Para kay Mojares, may aspekto ito ng pagkamangha. Ani Mojares, “The word means something that is mysterious, inexplicable, and mystifying. It insinuates many possibilities: that reason has come up against something impenetrable, that society is ruled by a regime of lies and obscurantism, and that a social order has been shaken but a new one has not quite taken shape (233).” Tinutukoy ni Mojares ang kababalaghan sa trilohiya bilang pagtatangka ni Francisco na ilarawan ang huling tatlong dekada ng kolonyalismong Español bilang isang panahon ng pagbabago. Tila mistikal o espiritwal ang dating ng salitang “kababalaghan” ngunit may tuwirang politikal na gámit ito sa mga nobela. Pangunahin, lagi’t laging ikinakabit ang salita sa mga intrigang kaugnay ng mga prayle tulad ng pagbitay sa Gomburza at pag-aresto at pagpapatapon sa mga Filipinong liberal lalong-lalo na sa pagpapatapon kay Jose Rizal sa Dapitan.

Ang hindi masyadong nabigyang-tuon ni Mojares ay ang paggamit ni Francisco ng “matwid” bilang kabaligtaran ng “kababalaghan.” Sa isip ni Francisco, kung naghahari ang matwid sa lipunan, paano maipaliliwanag ang mga kababalaghan pinasimunuan ng mga prayle? Ngunit malinaw din sa mga trilohiya na ang kababalaghan ay dulot ng maling pamamalakad ng praylokrasya at ito ang magbubunsod ng pagkasira’t pagbagsak ng pagtitiwala ng mga mamamayan sa pamahalaan kolonyal pagdating ng huling dekada ng ika-19 na siglo.

Palasak na sa kasalukuyan ang paggamit sa salitang “katwiran” bilang kasingkahulugan ng “reason” sa Ingles. Ngunit kailangang tandaan na ang salitang “matwid” ay lagpas ang kahulugan sa Ingles na “reason.” Sa *Diccionario Tagalog-Hispano* ni Pedro Serrano Laktaw, binigyang-katuturan ang salita bilang *derecho*,

recto, justo, razonable at equitativo. Gayundin, nakapaloob din ang matwid sa mga konsepto ng *razón, justicia, equidad, at legalidad* (819). Sa ganito'y ang matwid ay higit na malápit sa salitang Aleman na "Recht" na hindi lámang patungkol sa karapatang-pantao kundi sa batas at katarungan at ang mga pilosopiya't institusyong kaugnay ng "Recht" (Nisbet xxxviii). Sa katunaya'y sa mismong salin ni Jose Rizal ng *Wilhelm Tell* ni Friedrich Schiller, ginamit ang mga salitang "matuid" o "katwiran" upang isalin ang salitang "Recht" (Guillermo 143-144).

Gayundin, kailangang pabulaanan ang dikotomiya ng "katwiran" sa "pananampalataya." Tulad ng naging pansin ni Virgilio S. Almario, ginagamit ang salitang "katwiran" upang ilarawan ang "katwiran" ng relihiyon, lalo na ng Katolisismo. Ginamit sa *Barlaan at Josaphat* (1712), isang akdang isinasalaysay ang búhay ng mitikal na mga santong Barlaan at Josaphat, ang katwiran upang ipagtanggol ang pananampalataya sa iisang Diyos laban sa maraming diyos ng iba pang mga relihiyon (*Tungkulin ng Kritisismo* 66-67). May katwiran ang relihiyon, lalo na ang Katolisismo, bílang tamang relihiyon na magdadala sa mga nananampalataya nito sa tamang daan at wastong pamumuhay.

Ngunit napansin din ni Almario ang pagbabagong kahulugan ng katwiran mula sa isang relihiyoso túngong higit na panlipunan ang tuon. Makikita ito sa pagbabago ng gámit nito sa *Florante at Laura* ni Balagtas. Pinuna ni Balagtas ang katwiran ng Langit dahil sa pamamayani ng kalupitan sa lupa (67). Hindi man tuwiran ay binatikos ni Balagtas ang pananampalataya sa ganitong pangangatwiran. At para kay Almario, minana ni Andres Bonifacio ang ganitong paggamit ng salitang "katwiran" upang idiin ang kawalan ng katwiran ng kolonyal na kaayusan (68).

May katulad ding pagbabago sa salitang "kababalaghan" sa panahon ng kolonyalismong Español. Tulad ng naging pansin ni Vicente Rafael sa kaniyang *Contracting Colonialism*, bagaman tinitingnan ng ating panahon na isang kababalaghan ang mga kuwento ng Bibliya, may kabigha-bighaning katwiran at kaayusan ang Katolisismo kung ihahambing sa animistikong relihiyon na laganap noon sa Pilipinas. Ani Rafael tungkol sa animismo noon sa Pilipinas,

...the *indio* spirit world was highly decentralized. Despite elaborate typologies of beneficent and malevolent spirits and the popular lore regarding their characteristic disguises, their preferred victims, and modes of detection and defense against them, spirits had no reference to a comprehensive narrative of ultimate rewards and eternal punishments (Rafael 191).

Para kay Rafael, ang búhay ng indio sa lupa'y punô ng mga espiritu't malignong kailangan niyang harapin. Ngunit walang madalas na katwiran sa mga kilos ng mga espiritu tulad ng walang bigat ang kilos ng tao sa mundo. Kung ihahambing ito sa sentralisadong turo't pananampalataya ng Katolisismo, higit na matatag at makatwiran ang banyagang relihiyon na ito at ito ang posibleng naging dahilan kung bakit naakit ang mga katutubo dito. Ani Rafael tungkol sa kalagayan ng isang kaluluwa sa langit ayon sa turo ng Simbahang Katolika,

In paradise, God's gaze is seen, and being seen, can be returned. In the translation of the beatific vision lay an appealing solution to the prospect of being helplessly surrounded by unseen spirits. In aspiring to "see God", one aims to realizing the full visibility of the source of all potentiality. One thus eliminates the other, more dreadful possibility—that of being shocked out of a known realm of exchange (192).

Para kay Rafael, higit na kababalaghan ang kinahaharap ng isang indio sa kaniyang engkuwentro sa masasamâng espiritu na nasa paligid niya. Ngunit sa kaniyang pagharap sa Diyos sa langit, may katwirang namamayani. Nakikita siya ng Diyos at nakikita niya ang Diyos. At ang milagrosong kakayahang ito sa langit ay pabuya sa isang matapat na nananampalataya.

Ngunit pagdating ng ika-19 na siglo'y magbabago ang kahulugan ng kababalaghan at ang ugnayan nito sa pananampalataya. Gagamitin na ang kababalaghan bilang pagpuna sa mapamahiing pananalig ng mga Español. Makikita ito sa *Ang Diablo sa Filipinas* ni Isabelo de los Reyes. Dito'y kukutyain ng mga tauhan sa akda ang pamamayani ng pamahiin sa Pilipinas na dinala ng mga prayle dito mula nang magsimula ang pananakop ng mga Español. Ani Benedict Anderson sa kaniyang panimula sa bagong edisyon ng akdang ito ni de los Reyes,

Why did Isabelo write this comedy? First: to use chronicles to show how mediievally superstitious friars were still wailing about paganism, animism, and superstitions of the 'natives.' The Spaniards brought with them Catholic fantasies, which gradually entered into local languages—e.g. demonio (demonito too), Diablo, Duende, Sirena, Kapre and so on. Thus Satan arrived with the colonial conquest. But more importantly, Isabelo wanted to put Catholic conceptions under the microscope of secular science, especially Folklore Studies. Legends and myths well worth studying from the outside as mere passing cultural phenomena. Filipinos should learn to see Catholicism's imaginary in the same category as paganism's—pure Folklore (Anderson 9).

Malinaw para kay de los Reyes na ang mga pamahiing ikinakalat ng mga prayle—hindi ang mismong mga turo ng Simbahang Katolika—ay punô ng

kababalaghan kung idadaan sa katwiran ng agham at tunay na kaalaman. Itinatapat ni de los Reyes ang kababalaghan ng mga prayle sa katwiran ng agham at sekular na kaalaman.

Pagdating naman ng 1899, gagamitin ang kababalaghan bilang pantapat sa katwiran ng kabutihang loob. Sa *Caguilaguilalas na Buhay ni Juan Soldado*, ginamit ni Pascual Poblete ang kababalaghang popular na sa mga awit at korido at maging ang mga vida o búhay ng mga santo. Pinahahalagahan ni Almario ang tulang pasalaysay na ito ni Poblete dahil sa magaan at kaaliw-aliw nitong kuwento. Ngunit bagaman punô ng mga kagila-gilalas at kababalaghan ang salaysay, napapahalagahan ito dahil sa pagtatambis sa realismong unti-unting lumalaganap noon. Ani Almario,

Aliwan lámang ang kagi-gilalas sapagkat panahon na ito ng pagmumuni sa realidad ng dito at ngayon. Pagkaraan ng Himagsikan, ni hindi dapat ipabahala ang kapalaran sa kababalaghan. Bahagi ng kaisipang oskurantista noon ang metriko romanse. Samantala, ang ika-20 siglo ay panahon na ng positibismo, at tulad ng naganap, maaaring lumitaw na higit na kagila-gilalas ang katunayan ng buhay sa "mundong kuhila (diin ng may-akda) ("Kagila-gilalas" 233)."

Pagdating ng ika-20 siglo'y dapat laos na ang pamamayani ng mga kababalaghan o panniniwala sa mga kababalaghan. Dapat mamayani ang katwiran sa bagong panahon na ito tulad ng sinabi ni Francisco sa kaniyang artikulo sa *Muling Pagsilang* na sinipi sa simula ng kabanata.

Ito ang ebolusyon ng matwid/katwiran at kababalaghan na muling gagamitin sa trilohiya ni Francisco. Tulad nina de los Reyes at Poblete, nais ni Francisco na mamayani ang matwid para sa Pilipinas. Ngunit di tulad ng mga akda nina de los Reyes at Poblete, kinikilala ni Francisco ang makababalaghan sa kilos na politikal, lalo na ng mga prayle, at hindi sa mga kagila-gilalas o fantastikong kilos lámang. Walang kagila-gilalas sa kilos na politikal ng mga prayle noong huling hati ng ika-19 na siglo ngunit malinaw ang kababalaghang bumalot sa Pilipinas dahil sa mga pakana ng praylokrasya.

ANG KATWIRAN NG MGA DOKUMENTO AT NG KOLONYAL NA ESTADO

Sa tambalang matwid-kababalaghan umiinog ang tunggalian ng mga tauhan sa trilohiya. Ngunit paano posibleng mamayani ang matwid lalo na sa konteksto ng kolonyal na kaligiran ng kolonyalismong Español? Para kay Francisco, mamamayani ang matwid sa pamamagitan ng malinis na pamamalakad ng pamahalaang kolonyal.

At ang pangunahing instrumento ng malinis na pamamalakad na ito ay ang pagpapahalaga sa mga dokumentong opisyal. Nabanggit na ni Mojares ang tendensiya ng trilohiya túngo sa pagkapit sa mga dokumento gayundin sa iba pang mga anyong labas sa katha tulad ng ulat at balita sa diyaryo (*Origins and Rise* 181). Idinidiin ni Mojares ang paggalang ni Francisco sa mga dokumento bilang pagkapit ni Francisco sa isang “sekular” na paglalalatag ng katotohanan sa labas ng kapangyarihan ng “sagradong” Simbahan (“Mysteries” 231). Ngunit sa anong tungúhin o dahilan pa ang paggámit ni Francisco ng mga dokumento’t balita?

Makikita ito sa detalyadong pagtatangkang maglarawan ng operasyon ng estadong kolonyal ng España sa Pilipinas. Sa *Fulgencia Galbillo*, ang pabuyang ibinigay kay Fulgencia para sa kaniyang kabayanihan ay isang paraan ng nobela upang ipakita kung paano gumagana ang pamahalaang kolonyal. Sa ikatlong kabanata’y inilatag ang iba’t ibang sangay ng pamahalaan at lipunang sibil na ginamit upang bigyan si Fulgencia ng lupa at bahay. Binanggit ang *Real Sociedad Economica de Amigos del Pais* bilang tagapagbigay ng kasangkapan at hayop na tumulong kay Fulgencia sa pagtatanim. Binanggit din ang *Superintendencia de Propios y Arbitrios at Dirreccion de Administracion Local* bilang tagapagpatupad ng pabuya kay Fulgencia bukod pa sa pagpapasalamat sa *alcalde mayor* ng Albay, si Don Mariano de la Cortina. Tinukoy ang *Inspeccion general de Obras publicas* bilang pangunahing sangay ng pamahalaang kolonyal na tagapagpatupad ng pagpapagawa ng bahay ni Fulgencia. Ipinakita ng kautusan na sinipi sa ikatlong kabanata ang kapangyarihan at kakayahan ng pamahalaang kolonyal na magdikta ng polisiya na mabuti para sa mga mamamayan. Gayundin, ipinakita rin ang buong hirarkiya ng pamahalaang kolonyal. Mula sa *alcalde mayor*, aakyat ang hiling sa pagbibigay ng pabuya kay Fulgencia sa pamahalaang nasa sentro o Maynila. At nang magpasya na ang pamahalaang kolonyal ay inatasan ang lahat ng sangay na kailangang ipatupad ang pabuya. Inilatag din ng nobela ang taimtim na ugnayan ng sentro (Maynila) sa laylayan (Bulusan). Ulit, susi ang mga dokumento upang panatilihin ang katatagan ng pamahalaan sa napakalawak na espasyo ng kapuluan ng Pilipinas.

Sa *Capitan Bensio*, inilatag naman sa unang mga kabanata ang maingat na balanse ng kapangyarihan sa pagitan ng sekular at sagradong sangay ng pamahalaang kolonyal—sa pagitan ng Pamahalaang Sibil at ng Simbahang Katolika. Ulit, tulad ng ipinakita sa *Fulgencia Galbillo*, inilalahad sa *Capitan Bensio* ang halaga ng pinakamababang antas ng pamahalaan—ang uring maginoo na kinabibilangan ng mga kabesa, *gobernadorcillo*, at *alcalde mayor*—sa mabuting pamamalakad ng pamahalaang kolonyal. At ang manipestasyong inihain nina Bensio at ng iba pang

maginoo’y tanda ng pakikibahagi ng uring ito sa pamahalaang kolonyal. Mahalaga, kung gayon, sa isang maayos na pagpapatakbo ng isang pamahalaan ang masinsing dokumentasyon at *transparency* ng mga operasyon nito. Pinatatag din ng dokumentasyon ang pag-ugat ng pamahalaan sa mga legal na proseso at hindi sa mga personal na mga ugnayan o pabor.

ANG URING MAGINOO BÍLANG AHENTE NG PAMAHALAANG KOLONYAL

Malinaw para kay Francisco ang halaga ng mga mababababang hanay ng burokrasya ng pamahalaang kolonyal—ang mga kabesa, *gobernadorcillo*, at *alcalde mayor*—sa malinis at makatwirang pamamalakad ng pamahalaang kolonyal sa mga nasasakupan nitong mga indio. Ngunit bílang mahalagang mga ahente ng pamahalaang kolonyal, posibleng maging mapang-api din ang uring *principalia* na ito sa kanilang nasasakupan. Makikita ito sa sinabi ng kapitán ng Bulusan sa ikalawang kabanata,

...bawa’t isa sa mga maguinoong nagpapacaabala sa catungculan ay may sariling buhay na nacaririwariwasa sa pag talima sa canilang mga puno, ang catiwasa’y nacacalakip ng caduagan; nacasasalat sa lacas ng paang dapat yumurac sa laguim at ang canilang mataas na noo cung pagsanib-sanibin ay nacacawangis ng isang casiraang nacaapi sa mga namamayan; at cung mag si pag pahayag sa harap ng tauo, anaki’y mga uod ng patay, cung ang kapisanan ng caguinoohan ay mayroong isang buhay na malusog ay di mangyayari niyang magahis at ihaguis sa tambacan.

Ang mapagcunwaring maguinoo ay higit sa lahat ng bagay at sila ang tawong linisan ng bisa, di maalam cumasi at di nag dudulot ng bagong landas na dapat daanan ng cababayan, ano pa’t catulad ng mga ibong tik-tik na nagliliparan cung gabi, at owak na nagbabansag ng pangalan cung araw: ito ang macapal sa lahat, at wastong taga pag sangalang ng catowiran (17-18).

Pinupuna ng siping ito mula sa talumpati ng kapitán ng Bulusan ang tendensiya ng uring maginoo na hindi subukin o ilagay sa alanganin ang kanilang nakaririwasang posisyon. Hindi sila magsasagawa ng reporma o pagbabago dahil sa tákot na magulo ang kanilang kalagayang nakaririwasa. Gayundin, hindi din sila kikilos o magsasagawa ng reporma dahil posible itong makalikha ng pagkasira ng kanilang kapangyarihang politikal. Sa gayo’y nakikinabang din ang uring maginoo sa pananatiling mangmang o nasa pagkadukha ng ordinaryong mamamayan, hindi malayo sa itinutulak ng praylokrasya.

Mauulit ang ganitong puna sa debate sa pagitan nina Don Mauro at Alfaro

sa unang kabanata ng *Alfaro*. Pupunahin ni Alfaro ang pagpapabaya ng mga kapitán sa pagpapabuti ng kalagayan ng kani-kanilang nasasakupan. Ani Alfaro,

—Inaacala cong ang pagpapabaya ng mga capita’y sanhi sa mga sugalang ualang pahintulot at sa mga sabungang pinagcacaabalahan—tugon ni Alfaro—at minamabuti pang mamalagi sa catamarang ninanasa ng mga cura’t ang madalas mangyari’y maiwan sa calagitnaan ang alin mang adhicaín, ng upang ang lotrinang pinalalabas sa mga simbahang ibinabayad at pinag-gugugulan ng bayan sa lahat ng bagay ay huag maalis cailan man, ¿cun ang mga salaping yao’y igugol sa pamatay ng sunog, di caya maapulang agad ang nag-aalab na apuy? ¿cung pamagitnaan ng paunaua ng mga maginoo sa tribunal ang capangyarihan ng capitan, di caya magcaron ng lalong lacas ang catungculang pinanghahawacan?—cadugtong ni Alfaro—dahil sa capabayaang iyan ng mga capita’y natatabunan ang mga ilog, nasisira ang mga tulay, nauauasac ang mga lansangan at ang mga batang dapat pamulatan ng anomang gagauí’y di mapangasiuan sa ikabubuhay at cun ang batang iya’y magcaron ng pag-iisip, ipasoc sa mga gauaang ang matutuhang dunong na ituturo’y madala hangang sa dampang tahanan, ng upang di macapag-abala sa mga lansanga’t panghinayangan ang oras na cucupas sa maghapong may cagutuma’t sa gabing cahit ibig matulog cung nagugutom ay di mangyaring mahimbing, sandali man lámang ¿di caya nararapat na ipaala-ala sa mga capitan (24-25)?

Maláy si Alfaro sa pagkukulang ng mga kapitán at ng uring maginoo na iangat ang búhay ng ordinaryong mamamayan. Sa halip na igugol ang panahon sa mga bagay na puwedeng matutuhan para mayroon siláng pagkakitaan, naaaksaya ang oras ng mga tao sa sugal tulad ng sabong. At kung mayroon mang kitain ang pamahalaang lokal mula sa buwis gáling sa mga sabungan ay hindi ito iginugol sa pagpapagawa ng mga mapapakinabangang proyekto tulad ng pang-apula ng sunog (*fire station*).

Ngunit malinaw din sa trilohiya na bagaman magkatulad na nakikinabang ang uring maginoo at ang praylokrasya sa kolonyal na sistema ay hindi magkapantay ang dalawa pagdating sa kapangyarihan. Sa huli’y takót o pabaya ang uring maginoo sa pagsasagawa ng pagbabago para sa ikabubuti ng lahat ng ordinaryong mamamayan dahil takót din siláng makabangga ang praylokrasya. Sa *Fulgencia Galbillo*, makikita ang kapangyarihan na ito ng praylokrasya sa panghihimasok ng kura sa imbestigasyon at ulat ng kapitán kaugnay ng mga tulisan na nanalata sa Albay. Mawawala ang tauhang kura sa susunod na dalawang nobela, ngunit naroon pa rin ang kapangyarihan ng praylokrasya upang hadlangan ang mga repormang itinutulak ni Bensio at ng mga kasámang kapitán. Maaaring tingnan ang pagkawala ng tauhang kura sa *Fulgencia Galbillo* sa susunod na dalawang nobela bílang kapabayaang sa panig ni Francisco lalo na sa tuntunin ng pagsulat ng katha. Ngunit sa pagkawala ng tauhang kura’y

nagiging tuwiran ang tinutunggali ni Bensio at ng mga kapitán—hindi iisang kura o prayle ang kalaban kundi ang kabuoang institusyon ng praylokrasya.

ANG KABABALAGHAN NG PRAYLOKRASYA

Ulit, sa paglipas ng mga pangyayari sa trilohiya, ang pagsasantabi sa “matwid” ng “kababalaghan” ay kumakatawan ng pagkasira ng pangkalahatang pundasyon ng lipunang sibil (*civil society*) sa estado, sa partikular na konteksto ng mga nobela’y sa pamahalaang kolonyal sa Pilipinas. Ipinamalas ng trilohiya ang pagkasira ng katwiran ng kaayusang kolonyal ay ang mismong nagbabagong gámit o paggamit ng dokumento’t lathalaing pasulat. Mamamayani naman ang kababalaghan ng praylokrasya dahil sa mga usap-usapan at bulong-bulongang ikinalat nito laban sa mga katunggali nila. At sa pamamayani ng kababalaghan, nawalan na rin ng tiwala ang mga mamamayan sa namamayaning kaayusan dahil hindi na makatwiran ang pamahalaang kolonyal.

Sa *Fulgencia Galbillo*, sisipiin nang buo ang kautusang nagbibigay kay Fulgencia ng lupa’t bahay. Gayundin, gagámitin ni Bensio ang kaniyang kopya ng *Eco Filipino* upang ipaliwanag kina Gorio, Binong, at Ikeng ang nangyari sa Maynila at Cavite kaugnay ng pag-aalsa sa Cavite at pagbitay sa Gomburza. Sa *Capitan Bensio*, ang manipestasyong inihain ni Bensio at ng iba pang mga kapitán ay isang dokumentong kinapapalooban naman ng mga saloobin ng mga Filipino laban sa praylokrasya. Ngunit pagdating sa *Alfaro*, halos wala nang dokumentong gagamitin upang itawid ang pangkasaysayang kaligiran ng trilohiya. Ang patalastas ng handaang iniaalay kay Jose Rizal ang tanging dokumentong sisipiin sa nobela. Babanggitin din ang mga nobela ni Rizal bagaman higit na pag-uusapan ang mga tsismis na nakapalibot sa mga ito at hindi talaga tatalakayin ng mga tauhan kung ano ang nakasulat sa mga ito.

Maipaliliwanag o maiuugnay ang pagkawala na ito ng mga dokumento’t lathalaing pasulat sa unti-unting paghigpit ng kápit ng praylokrasya sa pamahalaang kolonyal. Lagi’t laging may represibong sagot ang praylokrasya—gámit ang mga aparato ng pamahalaang kolonya—sa nakikita nilang posibleng hadlang sa kanilang kapangyarihan. Mahigpit ang sensura laban sa mga pahayagan at aklat na gáling sa labas ng Pilipinas. Ang *Eco Filipino*, isang pahayagang gáling sa labas ng Pilipinas, na nasa kamay ni Bensio ay naipuslit lámang papasok ng Pilipinas. Gayundin, ipinagbawal ang pagpasok ng *Noli* at *Fili* sa Pilipinas. At napilitan sina Gorio, Binong, at Ikeng na sunugin ang kanilang kopya ng mga nobela nang arestuhin si Rizal. Sa ganitong reaksiyon nina Gorio, Binong, at Ikeng, mauunawaan ang tákot nila na madawit sa

gulo dahil sa mga ipinagbabawal na mga dokumento't lathalain. At pinakamariing sagot ng pamahalaan laban sa isang dokumento ay ang pag-aresto't pagpapatapon sa mga lumagda sa manipestasyon laban sa mga prayle.

Dahil sa mapaniil na reaksiyon sa mga dokumento'y higit na sasalalay ang mga Filipino tulad nina Bensio at Alfaro sa pag-uusap na pabigkas dahil nagagamit ang mga dokumento laban sa mga Filipino bilang ebidensiya sa kanilang pagiging diumano'y subersibo. Halimbawa'y karamihan ng mga lumagda sa manipestasyon noong 1888 sa *Capitan Bensio* ay pinaghuhuli't ipinatapon kung hindi ipinakulong. At dahil dito'y sa anyong pabigkas na lámang maaaring maihayag ng mga Filipino ang kanilang saloobin laban sa praylokrasya at sa pamahalaan. Makikita ito sa *Alfaro* sa debate sa pagitan ni Alfaro at Don Mauro at sa hulíng diyologo sa pagitan nina Bensio at Alfaro. Ngunit isang suliranin ang ganitong pagtuon sa pabigkas dahil hindi na naging madali ang pag-oorganisa sa hanay nina Bensio, Alfaro, at ng iba pang kapitán. May mga bagay na hindi na nila alam o pinagtatakhan nila dahil sa kakulangan ng impormasyon. Hindi nila alam kung bakit natanggal bílang gobernador-heneral si Despujol. Ngunit kailangang linawin na bagaman tinanggal si Despujol dahil sa intriga laban sa kaniya ng mga prayle, nangyari ito noong 1893 at hindi noong 1892. Gayundin, hindi rin naging maliwanag para kina Bensio at Alfaro ang mga kilos laban kay Rizal. Dito makikita ang halaga ng mga dokumento bilang sisidlan ng impormasyon. Sa pagkawala ng mga dokumento'y nangibabaw ang bulong-bulongan at walang basehang mga paratang. At sa pangigingibabaw ng mga bulong-bulongan at mga paratang ay ang pangigingibabaw ng kababalaghan sa Pilipinas.

Ngunit kahit na ang mismong pasalitang pagpapalitan ng mga tauha'y hindi nakatakas sa pandinig ng praylokrasya. Nang magkumpisal si Afra at mabanggit ang pag-uusap nina Bensio at Alfaro tungkol sa kalagayan ng Pilipinas, ginamit ang kaniyang kumpisal laban kay Bensio kayâ naaaresto ito. Maaaring tumutukoy din ang pangungumpisal ni Afra sa nangyaring pagkakabunyag ng Katipunan noong 1896 dahil sa pangungumpisal (Agoncillo 135). Kung ano man, isang epektibong paraan ang pangungumpisal upang matiktikan ang aktibidad ng mga Filipino para sa pagbabago.

ANG IDEAL AT ANG PANGKASAYSAYANG TAUHAN

Sa ngayon, ang pangkasaysayan at panlipunan pa lámang na aspekto ang pangkalahatang pinag-uusapan at pinupuna. Ngunit kasabay o katuwang ng pagsisiwalat ng pangkasaysayan at panlipunang tunggalian ay ang personal na kuwento nina Fulgencia, Bensio, at Alfaro. a puna ni Mojares, hindi lubos na

napagtagani, kung susunod sa isang pormalistang pamantayan, ang panlipunang konteksto sa personal na kuwento ng mga tauhan (“Mysteries” 230-231). Maaaring sisihin ang makalumang estilo at kawalan ng karanasan ni Francisco sa pagsulat ng nobela. Ngunit kailangang tingnan pa rin ang pamamaraang ginamit ni Francisco bilang tuwiran at intensiyonal na desisyong malikhain at bahagi ng kaniyang paglalahad ng mensaheng politikal.

Para kay Delfin Tolentino, Jr., may ugnayan pa rin ang pangkasaysayan at panlipunang kaligiran sa indibidwal na kilos ng mga tauhan. Ani Tolentino,

Masasabing ang kasaysayan ang pangunahing kasangkapan ng nobelista upang makapagbigay ng isang bagong larawan ng tao. Kung dati-rati’y inilarawan ang mga tauhan bilang mga taong may likas na katangian na hindi nagbabago sa anumang sitwasyon, sa mga nobelang ito nama’y inilarawan ang mga tauhan bilang produkto ng kanilang partikular na kapaligiran o, sa lalong tiyak na pananalita, ipinakikita sila bilang bahagi ng lipunang kanilang ginagalawan at pinagagalaw, mga turnilyo’t engranahe sa makinang hindi tumitigil sa pag-andar (134).

Realistiko para kay Tolentino ang ganitong ugnayan sa pagitan ng kaligirang panlipunan at tauhan. Hindi na unibersal na halagahan na lámang ang kinakatawan ng mga tauhan. Ngunit may bahagyang reaksyonaryong katangian ang ganitong pagtingin ni Tolentino. Ibig sabihi’y ang isang kilos—ang kilos ng mga tauhan—ay reaksiyon ng isang panlabas na stimulus—ang kaligirang pangkasaysayan. Ngunit malinaw na hindi rin naman reaksiyon lámang sa panlabas na kaligiran ang kilos ng mga tauhan. Ang pagtulong ni Fulgencia sa kaniyang kapitbahay at ang pagtulong nina Bensio at Alfaro sa mga kilos-politikal upang makamit ang reporma para sa Pilipinas ay nakaugat pa rin sa kanilang katauhang idealisado o mga tauhang pinahahalagahan ang kapakanan ng kanilang kapitbahay at kababayan.

Makikita ang idealisadong katangiang ito kay Bensio nang ikasal siya kay Ineng. Dahil tumakas si Ineng at hiniling nito na maipakasal kay Bensio, wala na halos nagawa si Bensio. Naawa siya sa magiging kahihinatnan ni Ineng kung hindi niya ito pakakasalan. At nagawa niyang pakasalan si Ineng sa kabila ng kaniyang relasyon at pagmamahal para kay Loleng. Sa ganito’y makikita ang paggiging mabuti ni Bensio. Sa ganito’y punô ng kontradiksiyon ang pagkatao ni Bensio. Sa isang banda, nariyan ang kaniyang idealisadong pagkataong lagi’t laging nais tumulong. At sa kabilang banda, nariyan ang kasaysayang itinutulak siyang isakatuparan ang progresong kailangan ng bayan.

Ang tensiyon na ito sa pagitan ng ideal at ng pangkasaysayan ay nakapaloob sa nakita ni Mojares na tila magkahiwalay na katangian ng pangkasaysayan at pampanitkan sa trilohiya (*Origins and Rise* 181). Ngunit magkaugnay pa rin ang dalawang ito sa isang alegorikong paraan. Makikita ito, halimbawa, sa pagtatapos ng *Capitan Bencio*. Dito tila naging isang dula o metriko romansa ang anyo ng pagkakasulat at ang paglalagat ng mga eksena—ang naging panliligaw ni Alfaro kay Afra, ang away sa pagitan ni Alfaro at Bencio, at ang pagsisiwalat ng katotohanang si Bencio pala ang tunay na ama ni Alfaro. Lahat ng eksenang ito’y nakalahad sa anyong patula’t paawit kahawig ng isang metriko romansa. Tila nawawala ang pangkasaysayan sa mga sandaling ito ng nobela. Ngunit hindi naman talaga lubos na nawala ang kasaysayan sa mismong naratibo ng nobela. Ang buong dramatikong sandali sa katapusan ng *Capitan Bencio* ay naganap sa loob ng bilangguan kung saan ikinulong si Bencio. Nakatagpo sa isang lugar ng kawalang-katarungan, pinaigting ng bilangguan ang sawing kalagayan ng buhay ni Bencio na ikinulong dahil sa kaniyang pagnanasa na ipagtaggol ang matwid. Kinakatawan ng away nina Bencio at Alfaro at ng mala-incest na relasyon nina Alfaro at Afra ang kawalang matwid at baluktot na pamamalakad na laganap sa Pilipinas. Magtatapos ang nobela sa kalayaan ni Bencio dahil sa rebelasyon at pagtanggap ni Bencio kay Alfaro at muling pagkakabuo ng kanilang pamilya. Ngunit hindi pa talaga nalutas ang pangunahing suliranin ng Pilipinas kaya’t kukunin at susundan ni Alfaro ang pinasimulan ni Bencio sa huling nobela ng trilohiya, ang *Alfaro*. Ang pagtatagpo’t pagtanggap nina Bencio’t Alfaro sa isa’t isa’y isang uri ng pagsasanib ng kalooban túngo sa pagbabago para Pilipinas.

MULA REPORMA TÚNGONG HIMAGSIKAN

Magtatapós ang trilohiya sa kamatayan ni Bencio noong 1892. Sa isang banda’y maaaring basahin ang pagtatapos na ito bilang *anticlimactic* o hindi nadala sa sukdukan ang kabuoang kuwento. Tulad ng naging puna ni Mojares, hindi lubos na nabuo o binuo ang katauhan ni Alfaro at walang pag-ako o pagpapatúloy na ginawa si Alfaro sa mga pinasimulan ni Bencio at dahil dito’y nakikita niya ang katangian ng trilohiya bilang isang uri ng kronika (“Mysteries” 232). Ngunit kung isa nga itong kronika, ano ang isinisiwalat na idea ng mga sandali’t pangyayaring pangkasaysayan?

Sa *Fulgencia Galbillo*, ang pag-aalsa sa Cavite at ang pagbitay sa Gomburza ang naging pangunahing pangyayaring pangkasaysayan na pinag-iikutan ng nobela. Sa *Capitan Bencio*, ang pinakamahalagang pangyayari ay ang manipestasyong inihain ng mga kapitán upang paalisin ang mga prayle. Sa *Alfaro*, ang pagkakaaresto’t

pagpapatapon kay Rizal ang naging tuon ng nobela. Nabanggit na ang paulit-ulit na pagpuna sa praylokrasya. Ngunit ang mahalagang bigyang-diin ay ang tatlong pangyayaring pangkasaysayan na nabanggit ngayon ay pare-parehong pagtangi ng mga Español sa reporma o pagbabagong hinihiling ng mga Filipino. Sa ganitong paraan, inilalatag ng trilohiya ang lohika ng pangangailangan ng himagsikan laban sa kolonyal na kaayusan.

Sumusunod, kung gayon, ang trilohiya sa babala ni Rizal na posibilidad ng paghiwalay ng Pilipinas mula sa España dahil sa patúloy na pagtangi ng pamahalaang kolonyal sa reporma (Schumacher 156-167). Kinakatawan ng tatlong sandaling ito sa kasaysayan ang isang uri ng pagtangi sa posibilidad ng pagbabago at reporma para sa Pilipinas. At dahil sa tatlong pagtangi na ito’y nabuo ang isang higit na radikal na tungúhin para sa kilusang makabayan ng Pilipinas.

Tinatawid din ng trilohiya ang ugnayan sa pagitan ng Kilusang Propaganda sa Europa sa nangyayari sa Pilipinas. Higit na nagiging tuon ng pagsasakasaysayan ng Pilipinas, lalo na sa mga taon mula 1887-1892, ang mga nangyayari sa Europa at ang mga kilos ng Kilusang Propaganda. Dahil sa pagtuon ng trilohiya, lalo na sa *Capitan Bensio* at *Alfaro*, sa mga nangyayari sa Pilipinas, higit na nabigyang-pansin ang naging ambag ng mga naiwan sa Pilipinas túngo sa pagbabago at sa paglaban sa praylokrasya. At ang pagkamatay ni Bensio noong 1892, kasunod ng pagpapatapon kay Rizal sa Dapitan, ay kumakatawan sa pagkamatay ng repormistang tungúhin at pag-usbong ng higit na radikal na kilos túngo sa pagbabago.

At ang pagkalibing ni Bensio sa mga ritwal ng Masoneriya ay pagkilála sa pagpasok ng Masoneriya sa Pilipinas at naging ambag nito sa paghubog ng kaisipang makabayan sa Pilipinas (Rizal 162-163). Magsisimula pa lámang ang mga Filipino na maging miyembro ng mga organisasyong Mason sa Pilipinas noong 1891. Sa pagbanggit sa ritwal na Mason sa paglilibing kay Bensio, inihahanda ni Bensio ang pag-usbong ng higit na radikal na kilusan—isang kilusang binuo noong 1892—ang Kataas-taasan at Kagalang-galangang Katipunan ng mga Anak ng Bayan. Marami nang pag-aaral ang naglatag sa ugnayan ng Masoneriya at Katipunan, tulad ng paghahalaw ng mga kilos at ritwal ng Masoneriya sa mga ritwal ng Katipunan (Agoncillo 45-54). Gayundin, masusumpungan ang impluwensiyáng Masoniko sa mga idea’t kaisipang makikita sa kasulatan ng mga pantas ng Pamahalaang Rebolusyunaryo tulad nina Andres Bonifacio at Emilio Jacinto (Richardson 126-131) at Apolinario Mabini (Gealogo 104-105). Sa pagtuon sa mga pangyayari sa Pilipinas, idinidiin din ng trilohiya ang pag-usbong ng radikal na kilusang makabayan na hiwalay o kasabay ng mga nangyayari sa Europa.

Tulad ng nadiskubre ni Jim Richardson, makikita sa mga dokumento na nasamsam ng mga Español noong simula ng Himagsikan ng 1896 ang tunay na kasaysayan tungkol sa pagkakatatag ng Katipunan. Ipinakita ng mga dokumentong matatagpuan ni Richardson na bago pa man maitatag at mabuwag ang *La Liga Filipina* ni Jose Rizal noong Hulyo 1892 ay binabalangkas na ang mga panuntunan ng Katipunan na isinulat ang mga unang borador noon pang Enero 1892 (Richardson 1-20). Bagaman magkaugnay ang Kilusang Propaganda na nasa España sa mga kilos ng mga Filipino na nasa Pilipinas, unti-unti nang nagkakahiwalay ng landas at tungúhin ang dalawang kilusan.

Ulit, ang biglaang pagtatapós ng trilohiya sa kamatayan ni Bencio ay katakataka sa isang pormalistikong pananaw dahil, una, biglaan ito, at, pangalawa, hindi lubos na napalago ang katauhan ni Alfaro sa kabuoan ng huling nobela. Ano ang gagawin ni Alfaro pagkatapos ng kamatayan ng kaniyang ama? Hindi ito lubos na sinasagot. Ngunit sa paglalata ng trilohiya ng mga pangyayaring pangkasaysayan, sumasalalay si Francisco na mapupunuan ng mga mambabása—gámit ang kanilang kaalaman sa kasaysayan—at mahihinuha nila ang susunod na gagawin ni Alfaro. At batay rito’y ang likás at lohikal na hakbang para kay Alfaro ay ang pagsali sa Katipunan.

MULA HIMAGSIKAN TÚNGONG KOLONISASYONG AMERIKANO

Ngunit hindi lámang ito ang dahilan ng pagbibitin ng trilohiya sa isang sandali sa kasaysayan. Kung ang mambabása ang nasa puwesto ni Alfaro, anong hakbang nga ba ang dapat sunod na gawin? Nagiging bukás ang pagtatapos ng trilohiya kung gayon, dahil, tulad ng pagiging bukás ng hinaharap ni Alfaro, iniimbitihan ang mga mambabása sa tanong kung saan nga ba nila dadalhin ang pinasimulan ng mga makabayang Filipinong tulad nina Bencio at Alfaro. Bagaman nangyari na ang Himagsikan at natalo na sa Digmaang Filipino-Amerikano ang Pamahalaang Rebolusyunaryo, nananatili pa ring bukás ang hinaharap ng Pilipinas dahil hindi pa rin naaabot ang tinatamasa nitong matwid.

Ngunit kung hinihikayat ng trilohiya ang mga mambabása na pagmunihan ang kanilang lugar sa kasaysayan, sino ang tinutukoy nitong mambabása? Tulad ng natalakay na, idinidiin ng trilohiya ang ambag ng uring maginoo tulad ni Bencio, sa mundo ng katha, at ni Gabriel Beato Francisco, sa tunay na búhay, pagdating sa pakikipagtunggali sa praylokrasya at paggigiit ng makatwirang pamamalakad. Sa ganito’y higit na binibigyang-tuon ang ambag ng uring maginoo sa pagpapausad ng kasaysayan ng Pilipinas. At sa ganito’y ito rin ang pangunahing mambabásang

nais impluwensiyahan ni Francisco—ang mga bágong uring maginoo na unti-unting nakikibahagi sa itinatag noong pamahalaang kolonyal ng mga Amerikano.

Sa pagpások ng pamahalaang kolonyal na itinatag ng Estados Unidos, mahalaga ang paglalatag na ito ni Francisco ng estruktura at kakayahan ng pamahalaang kolonyal ng España bílang punto ng paghahambing ng pagkakaiba ng dalawang pamahalaang kolonyal bagaman hindi talaga tuwiran ang paghahambing na ito dahil magtatapós ang trilohiya sa taóng 1892. Kung babalikán ang mga nangyari noong 1907, hindi mawawala sa isip ang pagbubukás ng Philippine Assembly. Nang itatag ng mga Amerikano ang Pamahalaang Sibil sa Pilipinas noong 1901, hindi naman talaga lubos na binago ng Estados Unidos ang estrukturang panlipunan at pampolitika ng Pilipinas (Anastacio 66). Ngunit noong 1907 sa napipintong pagbubukas ng Philippine Assembly, higit na binuksan ng Estados Unidos ang pamahalaang kolonyal sa pakikisangkot para sa mga Filipino, lalo na sa hanay ng mga mayayamang maylupa't nakapag-aral—ang uring bumubuo sa uring maginoo na itinatampok sa trilohiya—kung ihahambing sa naunang sistema ng mga Español na hindi lumagpas sa lokal na antas ang pakikisangkot ng mga Filipino sa kolonyal na pamahalaan. At mahalaga ang ginawang ito ng mga Amerikano upang patatagin ang kanilang pamumuno sa Pilipinas ngunit unti-unting hihingi ng mas malawakang pakikibahagi ang mga Filipino sa pamahalaan (May 41-56).

Bagaman may ganitong pagkakaiba ang dalawang pamahalaang kolonyal, walang tuwirang sinasabi ni Francisco na higit na mabuti ang sistema ng mga Amerikano. Ang naging pangunahing problema ng pamahalaang kolonyal ng España—tulad na rin ng inilatag ng trilohiya—ay ang panghihimasok ng praylokrasya sa matwid na pamamalakad ng pamahalaan. Wala ring sistema kung saan maaaring ipadaloy ng ordinaryong mamamayan ang mga hinaing nito lagpas sa tuwirang pakikipag-ugnayan sa kani-kanilang mga kapitán, *gobernadorcillo*, at *alcalde mayor* sa lokal na antas. At kapag tinatangka naman ng mga kapitán at *gobernadorcillo* na kausapin ang pamahalaang pambansa—sa pagkatao ng Gobernador-Heneral—hindi sila binibigyang-halaga ng kolonyalismong Español dahil nga sa praylokrasya. Ito ang pangunahing problema ng pamahalaang kolonyal na Español sa Pilipinas, isang bagay na malinaw na natuto ang mga Amerikano't nais itama sa pagbubukás ng Philippine Assembly. Sa pagkakaroon ng Philippine Assembly, nagkaroon na ng pamamaraan ang mga Filipino na sila mismo ang gumawa ng sarili nilang batas—katuwang ng Philippine Commission, ang tumayông nakatataas na sangay ng lehislatura at binuo ng mas maraming Amerikano kaysa Filipino—at posibleng maimpluwensiyahan ang polisiya ng pamahalaan. Mahalaga, kung gayon, ang ambag ng mga Filipinong nasa

poder ng kapangyarihan upang maging kinatawan ng sambayanang Filipino.

Sa ganito’y tila sinasabi ng trilohiya ang halaga ng pakikibahagi sa kolonyal na kaayusan. Binabalewala ba, kung gayon, ng trilohiya ang ambag ng Himagsikan? Hindi. Nililinaw lámang ng trilohiya ang ugat ng Himagsikan—na sarado ang pamahalaang kolonyal sa kalooban at pananaw ng mga mamamayan para itaguyod ang matwid. Tulad na rin ng pananaw ni Rizal, ang pagkasarado ng loob at isip na ito ng sistemang kolonyal túngo sa matwid ang nagsilbing daan upang maghanap ng alternatibong landas para sa mga Filipino. Ipinangako ng Himagsikan na mapapasakamay ng mga Filipino ang pamamalakad ng sarili nilang pamahalaan. Sa ganitong paraan lámang posibleng mamayani ang matwid na binalot ng kababalaghang dulot ng praylokrasya’t kolonyalismo. Ngunit hindi na lámang nasa kamay ng mga pinunòng tulad ng mga kapitán, *gobernaldorcillo*, at *alcalde mayor* ang pamamayani ng matwid. Kinakailangan din itong ipaglaban at ipagtanggol ng bawat mamamayang Filipino lalo na ng susunod na henerasyon ng mga makabayang Filipino. Maláy, kung gayon, si Francisco sa naging pagkukulang ng naunang henerasyon ng mga Filipino sa kanilang pakikisangkot sa kolonyal na kaayusan. Masyado siláng sumalalay sa sarili nilang lakas at impluwensiya. Isa itong bagay na natutuhan ng Katipunan nang inorganisa nito ang sarili nito. Maláy ang Katipunan sa halaga ng pagkakaisa ng lahat ng mga Filipino (Bonifacio 191).

Ito ang naging pagkukulang ng naunang henerasyon at kailangang ipagpatúloy ng susunod. Para sa bagong uring maginoo ng kolonyalismong Amerikano, hindi nila dapat kalimutan ang lakas ng mas malawak na hanay ng mga mamamayang Filipino. Gayundin, kailangang igiit ng mas malawak na mamamayang Filipino ang kanilang mga karapatan, ang kanilang pagnanasa sa isang lipunan at pamahalaang matwid. Ito ang dahilan kung bakit nakisangkot si Francisco sa pagtatatag ng pinakaunang unyon sa Pilipinas at naging unang pangalawang pangulo ng *Union democratica de litograficos, impresores, encuendernadores y otros obreros* (Scott 26). Mahalagang organisahin ang mga Filipinong nasa mababang hanay upang maging matatag ito sa pakikipagtunguhan sa nakatataas na hanay sa pinagkaisang pagtamasa sa matwid. Ito ang dahilan kung bakit bukás at tila hindi tapós ang kuwento ni Alfaro sa pagtatapós ng trilohiya. Hindi man nagwagi sa Digmaang Filipino-Amerikano ang mga Filipino, hindi pa tapós ang kuwento ng paghahanap ng mga Filipino ng matwid—noon mang 1892 at maging sa taóng 1907.

TALASANGGUNIAN

- Agoncillo, Teodoro A. *The Revolt of the Masses: The Story of Bonifacio and the Katipunan*. University of the Philippines Press, 2002. Ikalawang edisyon.
- Almario, Virgilio S. "Ang Kagila-gilalas sa 'Caguilaguilalas na Buhay ni Juan Soldado.'" *Pag-unawa sa Ating Pagtula: Pagsusuri at Kasaysayan ng Panulaang Filipino*. Lungsod Pasig: Anvil Publishing, Inc., 2006, pp. 210-34.
- . Punong pat., *UP Diksiyaryong Filipino: Binagong Edisyon*. Lungsod Pasig: Anvil Publishing, Inc., 2010.
- . *Ang Tungkulin ng Kritisismo sa Filipinas*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 2014.
- Anastacio, Leia Castañeda. *The Foundations of the Modern Philippine State: Imperial Rule and the American Constitutional Tradition, 1898-1935*. Cambridge University Press, 2016.
- Anderson, Benedict. "Introduction." Isabelo de los Reyes. *Ang Diablo sa Filipinas ayon sa mga casulatan luma sa Kastila*. Anvil Publishing, Inc., 2014, pp. 7-12.
- Bonifacio, Andres. "Ang dapat mabatid ng mga tagalog." *The Light of Liberty: Documents and Studies on the Katipunan, 1892-1897*. Jim Rciardson, pat. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 2013, 189-191.
- de los Reyes, Isabelo. *Ang Diablo sa Filipinas ayon sa mga casulatan luma sa Kastila*. Isinalin sa Ingles nang may anotasyon nina Benedict Anderson, Carlos Sardiña Galache at Ramon Guillermo. Anvil Publishing, Inc., 2014.
- de Bevoise, Ken. *Agents of Apocalypse: Epidemic Disease in the Colonial Philippines*. Princeton University Press, 1995.
- [Francisco, Gabriel Beato] A. ng L. "Matatandang kaugalian: Malaking kamalian." *Muling Pagsilang*, 14 Hunyo 1907, 1a.
- Francisco, Gabriel Beato. *Fulgencia Galbillo*. Limbagang "Ang Kapatid ng Bayan," 1907.
- . *Capitan Bensio*. Limbagang "Germania" Alix, 1907.
- . *Alfaro*. Limbagang Germania, 1907.
- Gealogo, Francis A. "Masonic Parallels in Mabini's True Decalogue and Constitutional Program." *Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints* Tomo 67, Bng. 1, 2019, pp. 95-111.
- Guillermo, Ramon. *Translation and Revolution: A Study of Jose Rizal's Guillermo Tell*. Ateneo de Manila University Press, 2009.
- Hegel, Georg Wilhelm Friedrich. *Elements of the Philosophy of Right*. Salin ni H. B. Nisbet. Cambridge University Press, 1991.
- Laktaw, Pedro Serrano. *Diccionario Tagalog-Hispano, Segunda Parte*. Maynila: Imp. y Lit. De Santos y Bernal, 1914.
- May, Glenn Anthony. *Social Engineering in the Philippines: The Aims, Execution, and Impact of American Colonial Policy, 1900-1913*. Greenwood Press, 1980.
- Mojares, Resil B. *Origins and Rise of the Filipino Novel: A Generic Study of the Novel until 1940*. University of the Philippines Press, 1987.

- . "The Mysteries of Gabriel Beato Francisco." Sa *Isabelo's Archive*. Anvil Publishing, Inc., 2013, pp. 222-234.
- Rafael, Vicente L. *Contracting Colonialism: Translation and Christian Conversion in Tagalog Society Under Early Spanish Rule*. Ateneo de Manila University, 1988.
- Retana, Wenceslao. *Avisos y Profecias*. Madrid: Imprenta de la Viuda de M. Minuésa de los Ríos, 1892.
- Richardson, Jim. *The Light of Liberty: Documents and Studies on the Katipunan, 1892-1897*. Ateneo de Manila University Press, 2013.
- Rivera, Jose Maria. "Ang "Capitang Bensio"" *Muling Pagsilang*, 15 Oktubre 1907, 1a.
- Rizal, Jose. *Political and Historical Writings*. National Historical Commission of the Philippines, 2011.
- Schumacher, John N. *The Making of a Nation: Essays on Nineteenth-Century Filipino Nationalism*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University, 1991.
- Scott, William Henry. *The Union Obrera Democratica: First Filipino Labor Union*. Lungsod Quezon: New Day Publishers, 1992.
- Tolentino, Delfin Jr. "Trilohiya sa Kalayaan: Ang mga Nobelang Pangkasaysayan ni Gabriel Beato Francisco." *The Literary Apprentice* Tomo 48, Blng. 1, 1975, pp. 121-43.

TUNGKOL SA AWTOR

Si **CHRISTOFFER MITCH C. CERDA** ay guro sa Kagawaran ng Filipino ng Pamantasang Ateneo de Manila. Nagtapos siya ng BFA Creative Writing at MA Panitikang Filipino sa parehong pamantasan at ng Ph.D. Philippine Studies sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman. Inilathala ng National Commission for Culture and the Arts (NCCA) at Ateneo Insititute of Literary Arts and Practices (AILAP) bílang bahagi ng UBOD New Authors Series II ang kaniyang chapbook ng mga maikling kuwento na pinamagatang *Paglalayag Habang Naggagala ang Hilaga at Iba Pang Kuwento*.